K

2007-2008 Tagubilin para sa Aplikasyon ng Kindergarten

Gamitin ang Aplikasyon ng Kindergarten para makapagpatala para sa mga paaralan na inyong gusto para sa 2007-2008 taon ng pasok. Para sa karagdagang impormasyon, kunsultahin po ang 2007-2008 *Enrollment Guide for Parents (Gabay sa Pagpapatala para sa mga Magulang)*, o pumunta sa isang Enrollment Center.

Bahagi 1 – Isulat ang tirahan kung saan ang inyong anak ay nakatira (ang direksiyon ng tirahan). Kung ang inyong anak ay nakatira sa mahigit na isang bahay, isulat ang pangunahing tirahan.

Bahagi 2 – Gamitin ang aplikasyon na ito para sa kindergarten lamang.

Bahagi 3 (Hindi Sapilitan) – Kumpletuhin ang bahaging ito kung nais mo na gamitin ang tirahan ng tagapag-alaga ng iyong anak imbes na ang iyong tirahan para malaman kung nararapat para sa transportasyon. Ang tirahan ng tagapag-alaga ng inyong anak ay isinasaalang-alang na isang "serbisyo na tirahan" at ginagamit lamang para malaman ang transportasyon at ilang sapilitang takda. Ang tirahan ng tagapag-alaga ng inyong anak ay HINDI ginagamit para magkaroon ng prayoridad sa takda. Ang prayoridad para sa takda ay base sa direksiyon ng tirahan lamang.

Bahagi 4 (Hindi Sapilitan) – Kumpletuhin ang bahaging ito kung nais mo na pumasok sa parehong paaralang pinapasukan ng ibang anak na nasa inyong kabahayan. Para makuha ang prayoridad dahil sa kapatid sa isang paaralan, ang mag-aaral ay kailangan nakatira sa parehong kabahayan at may parehong direksiyon ng tirahan ng kaniyang kapatid (mga). Responsibilidad mo na masiguro na ang direksiyon ng tirahan na nasa talaan para sa kapatid (mga) na iyong inilista sa bahaging ito ay kapareho na iyong inilagay sa Bahagi 1. Ang magkasalungat na tirahan ay maaring mapigilan na matanggap ng inyong anak ang prayoridad dahil sa kapatid para sa isang paaralan. Karagdagan pa, ang kapatid (mga) ay kailangang nakatakda sa paaralang iyon sa 2007-2008 na taon ng pasok. Ang prayoridad dahil sa kapatid ay hindi maibibigay sa isang mag-aaral kung ang kaniyang kapatid ay hindi na papasok sa paaralang iyon sa susunod na taon.

Bahagi 5 – Gamitin ang **Kindergarten School Choice Worksheet** (Worksheet) na nakalagay sa likod ng mga tagubilin na ito para matulungan ka sa pagpunan ng Bahagi 5. Ang mga paaralan sa Worksheet ay nakalista ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto sa pamamagitan ng kumpol. Ang mga paaralang na nagkakaloob ng transportasyon at/o prayoridad ng takda sa mahigit na isang kumpol ay nakalista sa loob ng bawat nararapat na kumpol bilang "out-of-cluster options" (labas ng kumpol na pagpipilian). Ang alternative/non-traditional na mga paaralan ay nakalista sa *italics*, at ang lahat ng nagbibigay ng all-city (buong lungsod) na takda at transportasyon ay nakalista sa ibaba ng Worksheet. Ang lahat ng paaralan na nakalista ay nagkakaloob ng buong-araw na kindergarten na mga programa; ang pagkakaroon ng mga programa na kalahating-araw, mga programa ng Montessori at Dual Language ay nakalista ng bukod.

Sa Worksheet, lagyan ng numero ang inyong mga pinili na paaralan (hanggang sampu) ng naayon sa pagkagusto, simula sa "1" para sa inyong unang pinili. Ikaw ay maaring pumili ng alinman sa mga paaralan na nakalista, ngunit ang inyong anak ay maaring hindi maging karapat-dapat para sa transportasyon kung ang iyong pinili ay isang paaralan na wala sa listahan ng inyong kumpol.

Gamitin ang inyong kumpletong Worksheet para punan ng hindi bababa sa tatlo na paaralan at programa na pagpipilian sa Bahagi 5. Magsimula sa una ninyong pinili at punan ang Numero ng Paaralan at Pangalan ng Paaralan para sa bawat pinili. Kung ikaw ay nagpapatala para sa programa ng kalahating-araw, Montessori o Dual Language punan ang nararapat na pagpipiliang kahon ng programa; iwanan ang pagpipiliang programa na mga kahon na walang nakasulat kung ikaw ay nagpapatala para sa isang buong araw na programa ng kindergarten. Ang halimbawa sa ibaba ay ipinakikita kung paano kukumpletuhin ang Bahagi 5 kung ang inyong unang pinili ay buong-araw na kindergarten sa Laurelhurst, pangalawang pinili ay kalahating-araw na kindergarten sa Laurelhurst, at pangatlong pinili ay buong-araw na kindergarten sa AE #2:



Bahagi 6 ((Hindi Sapilitan) – Ang inyong anak ay ilalagay sa waiting list (listahan ng naghihintay) para sa inyong unang piniling paaralan kung siya ay hindi naitala sa paaralang iyon. Kung mas gugustuhin ninyo na ang inyong anak ay ilagay sa waiting list para sa isang paaralan bukod sa iyong unang pinili, tsekan ang kahon sa Bahagi 6 at isulat ang pangalan na iyong pinili para ilagay sa waiting list na paaralan; maari kang pumili ng anuman sa inyong pinili mula sa Bahagi 5. Ang inyong anak ay ilalagay sa waiting list sa inyong pinili na paaralan lamang kung siya ay nakatala sa isang paaralan sa iyong aplikasyon na nakaranggo ng mas mababa kaysa sa paaralan na nasa waiting list. Kung hindi, ang waiting list na paaralan ay ilalagay sa iyong unang pinili na paaralan. Ang inyong anak ay maari na mailagay sa isang waiting list lamang.

Bahagi 7 (Hindi Sapilitan) – Tsekan lamang kung ang inyong anak ay kasalukuyang pumapasok sa isang paaralan sa labas ng inyong tinitirhang kumpol, at nais mo na siya ay magpatuloy na pumasok sa paaralang iyon kung wala sa iyong mga pinili sa Bahagi 5 ang maibibigay. Isulat po ang pangalan ng kasalukuyang paaralan ng inyong anak bilang katunayan.